STATE OF CALIFORNIA—HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES
744 P Street • Sacramento, CA 95814 • *www.cdss.ca.gov*

KIM JOHNSON
DIRECTOR

GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Hunyo 26, 2020 PIN 20-23-ASC

PARA SA : LAHAT NG TAGAHAWAK NG LISENSIYA SA PROGRAMANG PANGANGALAGA SA ADULTO AT NAKATATANDA

Orihinal na linagdan ni Pamela Dickfoss

MULA SA : PAMELA DICKFOSS
Deputadong Direktor
Dibisyon ng Paglisensiya sa Pangangalaga sa Komunidad

PAKSA: **NA-UPDATE NA GABAY SA SAKIT NA CORONAVIRUS 2019 (COVID-19) KAUGNAY SA KRITIKAL NA TUNGKULIN NG PAGSUSURI, PAGBABAGO SA MGA GABAY SA PAGBISITA, PANGANGAILANGAN SA PAG-IWAS AT PAGKONTROL SA IMPEKSYON, AT PAGGAMIT NG MGA PANTAKIP SA MUKHA NG ADULTO AT MGA PASILIDAD SA PANGANGALAGA SA ADULTO AT NAKATATANDA**

Buod ng Abiso ng Impormasyon ng Tagapagkaloob o Provider Information Notice (PIN)

Ibinibigay ng PIN 20-23-ASC ang na-update na gabay sa mga tagahawak ng lisensiya ng Adult and Senior Care (ASC) kaugnay sa kritikal na tungkulin ng pagsusuri para sa COVID-19, pagbabago sa mga gabay sa pagbisita, gabay sa maingat na pagsunod sa mga pagkontrol sa impeksyon at pagsasanay sa pag-iwas upang maiwasan ang paglipat ng COVID-19 sa mga pasilidad ng ASC, at mandatoryong paggamit ng mga pantakip sa mukha.

Ang California Department of Social Services (CDSS) ay nananatiling ipinagkakatiwalaan sa pagbigay ng na-update na gabay ng COVID-19 habang naipapaalam ang bagong impormasyon. Sa panahon na ipinakawala ng PIN na ito, ang Estado ng California ay nasa Antas 2 ng the Mapa ng Daan sa Pagiging Mahubugin o Resilience Roadmap, kung saan iba't-ibang mga lugar ng pinagtratrabahuan ay unti-unting magbubukas na akma sa pag-apruba mula sa lokal na departamento ng kalusugan. Ag PIN na ito ay nagbibigay ng gabay sa pagsusuri para sa COVID-19 sa mga residensiyal na pasilidad ng pangangalaga at nagbibigay ng mga updates sa PIN 20-07-ASC habang ito ay kaugnay sa direksyon ng muling pagbukas ng mga pagbabago kaugnay sa pagbisita, nagtipong pinagkakainan, at mga pang-araw-araw na aktibidad.

Ang mga residente sa Continuing Care Retirement Communities (CCRC) na naninirahan nang mag-isa ay *pangkalahatang* hindi kasama mula sa mga kinakailangan sa pagsusuri

at mga ipinagbabawal sa pagbisita. Maliban sa mga tao na hindi kasama sa pangangailangan sa pagsusuri ay mga taong simtomatiko sa COVID-19, nailantad na tao sa nasuring positbo sa COVID-19, lilipat sa pasilidad, o bumabalik mula sa pagpapagamot sa ospital.

Lahat ng tagapagkaloob ay dapat mapapatuloy na sundin ang gabay sa lahat ng nalalapat na PINs ng CDSS dagdag sa gabay o mga habilin mula sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC), California Department of Public Health (CDPH), at mga departamento ng lokal na kalusugan. Kung may kontradiktong mga pangangailangan sa pagitan ng mas kasalukuyang CDC, CDPH, CDSS, at gabay ng departamento ng kalusugan o mga kautusan sa kalusugan, ang mga tagapagkaloob ay dapat sumunod sa pinakamahigpit na pangangailangan.

Bilang paalala, ang mga tagapagkaloob ay kailangan bumuo ng planong emerhensiya sa sakuna, na dapat kasama ang pagsiklab ng sakit tulad ng pandemikong COVID-19.

Ang Pagsusuri para sa COVID-19 sa mga Residensiyal na Pasilidad

Ang pag-iwas, pagsugpo, at mga hakbang sa pagpigil ay mahalaga upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ag pagsusuri at karagdagang kagamitan upang mapuna ang maagang pagsiklab, at upang matulungan ang mga tagahawak ng lisensiya sa pagbuo ng epektibong plano upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa kanilang pasilidad. Ang pagsusuri ay hindi kapalit o panguna sa ibang pag-iwas sa impeksyon o pagkontrol sa interbensyon, kasama ang pagsubaybay sa lahat ng mga residente at tauhan para sa mga sinyales at sintomas ng COVID-19, ang pangkalahatang pantakip sa mukha ng tauhan at mga residente para sa pagkontrol ng pinagmulan, paggamit ng rekomendadong personal protective equipment (PPE), at paglinis at pagdisinpekta sa kapaligiran. Sa potensiyal na tauhan na maaaring maging positibo sa COVID-19, lahat ng mga pasilidad ay kailangan maghanda para sa kakulangan ng tauhan at magkaroon ng mga plano at proseso sa lugar upang masugpo ang mga ito.

Dagdag dito, lahat ng mga pasilidad ay kailangan na magkaroon ng mga plano sa sumusunod:

1. Paano maipapaliwanag ang mga resulta ng pagsusuri sa mga residente o tauhan;
2. Paano maipagbigay-alam ang impormasyon tungkol sa anumang positibong mga kaso ng mga residente o tauhan sa pasilidad sa mga miyembro ng pasilidad o responsableng mga partido;
3. Paano masubaybayan ang mga resulta (positibo o negatibo) para sa mga residente at tauhan ng pasilidad, at mga paraan para sa pakikipag-ugnay sa mga resulta ng pasilidad sa lokal na departamento ng kalusugan; at lokal na Opisina ng Paglisensiya sa Pangangalaga sa Komunidad ng Rehiyon.
4. Paano gagamitin ang mga resulta sa paggabay sa implementasyon ng mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon, kapalit sa residente, at pagbubuklod ng mga tauhan at mga residente.

Mga Uri ng Pagsusuri

May dalawang uri na magagamit na pagsusuri para sa COVID-19: viral na pagsusuri at antibody na pagsusuri.

- Ang isang Polymerase Chain Reaction (PCR) na pagsusuri test, kilala bilang viral na pagsusuri, ay nagsasabi sa iyo ng iyong kasalukuyang impeksyon.
- Ang isang antibody na pagsusuri ay magsasabi sa iyo kung ikaw ay may nakaraang impeksyon.

Para sa layunin ng gabay na ito, ang PCR na pagsusuri ay dapat gagamitin kapag nagsusuri ang residente at tauhan at ang tagareseta ay dapat ang pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga. Dapat beripikahin ng tagahawak ng lisensiya o kinatawan ng tagahawak ng lisensiya kasama ang tagareseta na ang PCR na dayagnostikong pagsusuri ay ang iniriseta. Nakikita ng resulta ng viral na pagsusuri ang pagkakaroon o kawalan ng virus sa panahon na ang espesimen ay nakolekta. Mahalagang tandaan, ang kondisyon ng tao ay maaring magbago sa sumusunod na pagkalantad, gayunpaman ang mga hakbang sa pagkontrol sa nakakahawang mga sakit ay mananatiling mahalaga kahit kung ang residente ay nasuring nagatibo.

Tandaan: Ang antibody na pagsusuri ay maaaring hindi magpakita ng kasalukuyang impeksyon ng COVID-19 dahil maaaring magtagal ng 1-3 linggo pagkatapos ng impeksyon na makagawa ng antibodies. Dahil dito, ang antibody na pagsusuri at hindi nakakatulong para sa layunin ng pagusuri ng kasalukuyang impeksyon. Kundi ang paggamit ng viral na pagsusuri ay rekomendado na isinasaad sa itaas.

Ang Pagsusuri sa Bago o Bumabalik na mga Residente

Lahat ng mga bagong residente ay dapat magpasuri bago bumalik sa pasilidad. Tulad din, bago bumalik sa pasilidad, lahat ng mga residente na nagpagamot sa ospital o inadmit sa pasilidad na nakokoantrata sa CDSS o nakakontratra sa CDPH na sityo ng pangangalaga, ay dapat masuri.

Pagsusuri sa Bago o Bumabaling na Tauhan

Lahat ng bagong mga tauhan ay dapat beripikado ng isang screening sa kalusugan at dapat masuri bago magtrabaho sa pasilidad. Tulad din, lahat ng mga tauhan na bumabalik mula sa pagpapaliban ay dapat masuri.

Pagsusuri sa mga Pasilidad na walang COVID-19

Sa mga pasilidad na kasalukuyang walang nasuring mga kaso ng COVID-19 sa mga residente at tauhan, rinerekomnda ng CDPH ang sumusunod:

- Para sa mga residente, ang pagsusuri ay dapat isaalang-alang lamang para sa may kasalukuyang sintomas ng sakit na COVID-19 o nailantad sa isang tao na nasuring positibo para sa COVID-19. Kadalasan ang mga pasyente na kumpirmadong may COVID-19 ay namuo ng lagnat at/o sintomas ng acute na sakit sa respiratoryo (hal, ubo, hirap sa paghinga) ngunit amg ilang mga tao ay maaaring magpakita ng ibang sintomas tulad ng panlalamig, paulit-ulit na panginginig na may panlalamig, sakit sa kalamnan, sakit sa ulo, sakit sa lalamunan, at bagong kawalan ng panlasa at pang-amoy.
- Para sa tauhan, kailangan magsagawa ng pasilidad ng pagmamatyag na pagsusuri o surveillance testing ng 10 porsyento ng lahat ng tauhan bawat 14 na araw (hal. mamili ng ibang tauhan na suriin bawat 14 na araw). Ang layunin ng estratehiya ng pagmamatyag na pagsusuri ay ang pagsubaybay sa pagkalat ng virus upang maibuklod ang virus at masugpo ang pagsiklab.

Maaaring baguhin ng CDSS ang sakop at kalimitan ng pagsusuri sa tauhan base sa pagkalat sa komunidad at pagkakakaroon ng virus sa komunidad.

Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Lahat ng mga residente ay dapat mai-screen para sa lagnat, sintomas ng respiratoryo, o ibang sintomas **ng posibleng impeksyong ng COVID-19 bawat araw.** Kung nararapat, ang mga independenteng mga residente ng CCRC ay maaaring mag-screen sa kanilang sarili.

Ang mga tauhan ay dapat mai-screen para sa lagnat, sintomas ng respiratoryo, o ibang sintomas ng posibleng impeksyong ng COVID-19 bawat araw na sila ay nagtrabaho.

Positibong Resulta ng Pagsusuri

Para sa mga residente na nasuring positibo para sa COVID-19, kahit na asimtomatiko o simtomatiko, ang residente ay dapat magbuklod sa hiwalay na silid na may banyo hangang ang mga sumusunod na kondisyon ay nakamit:

- Hindi bababa sa 3 araw (72 na oras) ang nakalipas mula sa pagpapagaling, nailarawan bilang resolusyon sa lagnat nang hindi gumagamit ng pampababa-ng-lagnat na mga medikasyon; **AT**
- Resolusyon sa sintomas ng respiratoryo (hal. ubo at hirap sa paghinga); **AT**
- Hindi bababa sa 14 na araw ang nakalipas mula ng unang lumabas ang sintomas.

Para sa mga tauhan na nasuring positibo para sa COVID-19 at ang asimtomatiko, nangangahulugang sila ay HINDI nagkaroon ng anumang sintomas, rinerekomenda ng CDPH na ang mga indibidwal na ito ay binilin na pangalagaan ang kanilang sarili sa tahanan at huwag bumalik sa trabaho hanggang ang sumusunod na mga kondisyon ay nakamit:

- Hindi bababa sa 10 araw ang nakalipas mula sa petsa na positbo ang viral na pagsusuri ng COVID-19.

Para sa tauhan na nasuring positbo para sa COVID-19 at nagpapakita ng sintomas sa panahon ng kanilang 10-araw na panahon ng pagbubuklod, sila ay maaaring bumalik sa trabaho kapag nakamit ang sumusunod na kondisyon:

- Hindi bababa sa 3 araw (72 na oras) ang nakalipas mula sa pagpapagaling, nailarawan bilang resolusyon sa lagnat nang hindi gumagamit ng pampababa-ng-lagnat na mga medikasyon; **AT**
- Resolusyon sa sintomas ng respiratoryo (hal. ubo at hirap sa paghinga); **AT**
- Hindi bababa sa 14 na araw ang nakalipas mula ng unang lumabas ang sintomas.

Alinsunod sa gabay ng CDPH at CDC guidance, ang **tauhan** ay dapat mabigyan ng impormasyon sa ibaba tungkol sa paano magbuklod sa kanilang tauahan.

Pagbubuklod sa Tahanan ng Tauhan

Pagbubuklod ng mga tao na nakakahawa, i.e. mga indibidwal na nasuring positibo para sa COVID-19, ay maaaring isagawa sa tahanan basta't ang mga sumusunod na kondisyon ay nakamit.

Anong setup ang kinakailangan:

- Isang hiwalay na silid. Kung ang silid ay ibinabahagi sa isang tao na may sakit, isaalang-alang ang sumusunod:
    - Siguraduhin na ang silid ay may mabuting daloy ng hangin sa pamamagitan ng pagbukas ng bintana at pagbukas ng bentilador upang magbigay ng dumaloy na preskong hangin, kung maaari.
    - Panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakan ang pagitan ng mga higaan, kung maaari.
    - Matulog ng ulunan sa paanan (i.e.ulo at paa ay nasa baliktaran na dulo ng kanilang higaan).
    - Maglagay ng kurtina sa paligid o maglagay ng pisikal na divider (e.g. shower curtain, screen divider sa silid, malaking cardboard na poster board, quilt, o malaking kubrekama) upang maiwasan ang kama ng taong may sakit.
- Isang hiwalay na banyo **o** maaaring madisinpektahan pagkatapos gamitin.

Anong kagamitan ang kinakailangan:

- Isang pantakip sa mukha (o kung walang magamit, isang telang pantakip sa mukha) ay dapat suotin ng isang taong nahawaan kung may ibang sa sambahayan o kung ang tagapag-alaga sa kalusugan o kung ang manggagawa sa pangangalaga sa tahaann ay pumapasok sa tahanan.
- Mga gloves para sa sinumang mga tagapag-alaga kapag naghahawak o nalantaran ng sekresyon ng taong nahawaan.
- Nararapat na suplay ng panlinis para sa pagdisinpekta ng sambahayan.
- Isang thermometer para sa pagmatyag ng pagkakaroon o resolusyon ng lagnat.

Pag-access sa mga serbisyong kinakailangan:

- Pangangalagang klinikal at payong klinikal sa pamamagitan ng telepono o telehealth.
- Plano sa transportasyon para sa pangangalaga, kung kinakailangan
- Pagkain, mga medikasyon, labada, at pag-alis ng basura.

Kailan humingi ng tulong sa pangangalaga:

- Kung may bagong sintomas ang namuo o kung lumala ang kanilang sintomas.
- Kung ang nahawaang tao ay pupunta sa isang medikal na opisina, silid ng emerhensiya, o sentro ng agarang pangangalaga, dapat maabisuhan kaagad ang pasilidad nang mas maaga na ang tao ay may COVID-19. Kailangan ng tao na magsuot ng pantakip sa mukha (o kung wala, telang pantakip sa mukha) para sa pagbisita sa klinika.
- Sinuman sa mga sumusunod na sinyales ng babala ng emerhensiya na kailangan tumawag sa 911 at kumuha ng medikal na atensyon kaagad:
    - Hirap sa paghinga
    - Asul na labi o mukha
    - Patuloy na sakit o presyon sa dibdib
    - Bagong kaguluhan

Ang pagsubayabay sa labas-ng-ospital sa pamamagitan ng sistema sa pangangalaga sa kalusugan o pampublikong kalusugan ay maaaring isaalang-alang, lalo na sa may mataas na panganib ng COVID-19. Ito ay maaaring naglalaman ng sukat ng pagtigmak ng oxygen o ibang amilyaramyento. Ang mga tao na nasa isolasyon ay maaaring makipag-ugnay nang regular sa panahon ng isolasyon upang malaman para sa klinikal na paglala at ibang pangangailangan.

Ang kadalasan at uri ng komunikasyon ay dapat maisagawa base sa panganib ng komplikasyon at kahirapan sa pagtasa sa pangangalaga.

Quarantine ng Tauhan sa Tahanan

Ang quarantine ng mga tao na nalantad sa isang indibidwal na nasuring positibo para sa COVID-19 ay maaaring isagawa sa tahanan kung naroon ang sumusunod na kondisyon:

Anong setup ang kinakailangan:

- Isang hiwalay na silid. Kung ang silid ay ibinabahagi sa isang tao na may sakit, isaalang-alang ang sumusunod:
    - Siguraduhin na ang silid ay may mabuting daloy ng hangin sa pamamagitan ng pagbukas ng bintana at pagbukas ng bentilador upang magbigay ng dumaloy na preskong hangin, kung maaari.
    - Panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakan ang pagitan ng mga higaan, kung maaari.
    - Matulog ng ulunan sa paanan (i.e.ulo at paa ay nasa baliktaran na dulo ng kanilang higaan).
    - Maglagay ng kurtina sa paligid o maglagay ng pisikal na divider (e.g. shower curtain, screen divider sa silid, malaking cardboard na poster board, quilt, o malaking kubrekama) upang maiwasan ang kama ng taong may sakit.
- Isang hiwalay na banyo **o** maaaring madisinpektahan pagkatapos gamitin.

Tandaan: Kapag lahat ng tao na nainirahan sa sambahayan ay nalantad, walang kailangan na hiwaly na silid o banyo kung lahat ng mga tao ay nanatiling walang sintomas at walang positibong pagsusuri ng COVID-19. Subalit, ang pantakip sa mukha (o kung wala, telang pantakip sa mukha) para sa mga naka-quarantine ay kinakailangan para sa anumang posibleng pagkalantad sa mga tao na pumapasok mula sa labas ng sambahayan.

Kapag ang isang tao na naka-quarantine sa sambahayan sa ibang miyembro ng sambahayan na hindi nalantad, isang hiwalay na silid at hiwalay na banyo (o iyong maaaring disinpektahan pagkatapos gamitin) ay kinakailangan. Dagdag dito, ang pantakip sa mukha (o kung wala, telang pantakip sa mukha) para sa mga indibidwal na na-quarantine at nadidisimpektahan upang malinisan ang mga ibabaw kung kinakailangan para sa anumang posibleng paglantad sa mga taong pumapasok mula sa labas ng sambahayan.

Anong kagamitan ang kinakailangan:

- Isang pantakip sa mukha (o kung walang magamit, isang telang pantakip sa mukha) ay dapat suotin ng isang taong nahawaan kung may ibang sa sambahayan o kung ang tagapag-alaga sa kalusugan o kung ang manggagawa sa pangangalaga sa tahaann ay pumapasok sa tahanan.
- Mga gloves para sa sinumang mga tagapag-alaga kapag naghahawak o nalantaran ng sekresyon ng taong nahawaan.
- Nararapat na suplay ng panlinis para sa pagdisinpekta ng sambahayan.
- Isang thermometer para sa pagmatyag ng pagkakaroon o resolusyon ng lagnat

Pag-access sa mga serbisyong kinakailangan:

- Pangangalagang klinikal at payong klinikal sa pamamagitan ng telepono o telehealth.
- Plano sa transportasyon para sa pangangalaga, kung kinakailangan
- Pagkain, mga medikasyon, labada, at pag-alis ng basura.

Klinikal na Pagsubaybay:

- Ang mga indibidwal na na-quarantine ay dapat bilinin na subaybayan ang kanilang sarili para sa mga sintomas (i.e. itsek ang temperatura dalawang beses sa isang araw, tignan ang lagnat, ubo, kahirapan sa paghinga , at ibang sintomas na maaaring makadagdag sa COVID-19).
- Ang mga indibidwal sa tahanan na orihinal na naka-quarantine at namuo ng sintomas ay dapat masuri kaagad. Sila ay dapat mabuklod at sundin ang mga rekomendasyon sa itaas para sa "Pagbubuklod sa Tahanan ng Tauhan." Kung napagpasiyahan na hindi ito maaaring mabuklod sa tahan, ang isang alternatibong sityo ng pagbubuklod ay dapat isaalng-alang.

Pagsusuri sa mga Pasilidad na may COVID-19

Kapag isa (o higit pa) na indibidwal ang positibo sa COVID-19 (residente o tauhan) ang naitukoy sa pasilidad, ang muling pagsusuri sa lahat ng mga residente (hindi kasama ang mga independenteng residente ng CCRC, maliban kung sila ay nagsama sa lugar sa ibang mga residente) at ang tauhan ay dapat maisagawa sa bawat 14 na araw hanggang sa walang bagong kaso ang naitukoy sa dalawang magkasunod na sikulo ng pagsusuri. Ang pasilidad ay maaaring bumalik sa kanilang regular na iskedyul ng pagmamatyag ng pagsusuri na nailarawan sa itaas.

Kung may maraming mga gusali sa pasilidad, at ang mga nasuring positibo ay napagsama sa isang gusali, sunod-sunod na pagsusuri ay dapat maisagawa sa mga residente at tauhan sa gusali na iyon. Maaaring hindi kinakailangan na magsuri sa mga residente at tauhan sa kabilang mga gusali hanggat ang mga tauhan ay hindi pumupunta sa mga gusali upang magbigay ng serbisyo o magkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa mga tauhan na nagbibigay ng mga serbisyo sa gusali sa pag-aalaga sa mga residente na positibo sa COVID-19.

Kung may mga positibong mga kaso sa maraming gusali sa anumang pasilidad, lahat ng mga residente at tauhan sa buong gusali ay dapat masuri bawat 14 na araw hanggat walang bagong kaso ang naitukoy sa dalawang magkasunod na sikulo ng pagsusuri. Ang pasilidad ay maaaring bumalik sa kanilang regular na iskedyul ng pagmamatyag ng pagsusuri na nailarawan sa itaas.

Maaaring baguhin ng CDSS ang sakop at kadalasan ng mga residente at tauhan na nagsusuri base sa data ng pagkalat sa komunidad at pagkakaroon ng virus sa komunidad.

Paghanap ng Sityo ng Pagsusuri

Ang Testing Task Force ay bumuo ng Paghanap ng Sityo ng Pagsusuri na webpage (testing.covid19.ca.gov), kung saan ang mga indibidwal ay maaaring maghanap ng pinakalamapit na lokasyon ng pagsusuri sa COVID-19. Ipinamamalas ng website pareho ang estado at mga lokasyon ng pagsusuri base-sa komunidad, kasama ang mga sityo na pinamamahalaan ng Verily and OptumServe, na bukas sa mga taga- California na nakamit ang kasalukuyang mga gabay sa pagsusuri. Ang pagsusuri ay libre sa lahat ng mga indibidwal,

kasama ang mga walang insurance at walang dokumento. Ang mga resulta ng pagsusuri ng mga indibidwal ay dapat maibigay sa mga tagahawak ng lisensiya. Kailangan itago nang kumpidensiyal ng tagahawak ng lisensiya ang mga resulta ng pagsusuri.

Sa Sityo ng Paghanap ng Pagsusuri na webpage, ang mga taga-California ay maaaring makahanap ng sityo ng pagsusuri ng COVID-19 malapit sa kanilang lokasyon sa pamamagitan ng paggamit ng isa sa mga sumusunod na opsyon:

- Piliin ang kasalukuyang Lokasyon
- Maghanap sa pamamagitan ng Address, Lungsod, o Zip Code
- I-klick sa interaktibong mapa
- Ang mga tagagamit ay maaaring palitan ang saklaw ng kanilang paghanap sa kanilang nais na distansiya

Ang paghanap ng resulta at nagbibigay sa tagagamit ng impormasyon ng sityo, tulad ng address, oras ng operasyon, anumang kinakailangan, at ang opsyon na mag-iskedyul ng appointment kung kinakailangan para sa mga non-drop-in na lokasyon. Tandaan na ang timeframe sa pagtanggap ng resulta ng pagsusuri ay iba-iba sa sityo ng pagsusuri.

Halinhinan na Plano ng Tauhan

Habang umuusad ang pandemikong COVID-19, ang kawalan ng tauhan ay maaaring mangyari. Kinakailangan maging handa ang mga tagahawak ng lisensiya para sa potensyal na kawalan ng mga tauhan at magkaroon ng plano upang mabawasan ito. Upang makapaghanda at panatilihin ang nararapat na antas ng tauhan, ang mga tagahwak ng lisensiya ay dapat:

- Intindihin ang kanilang pangangailangan sa tauhan at ang pinakamababang numero ng tauhan na kailangan sa pangangalaga at ang ligtas na kapaligiran ng pinagtratrabahuan; at
- Makipag-ugnay sa lokal na Opisna ng Rehiyon upang maitukoy at madagdagan ang tauhan kung kinakailangnan.

Kung hindi maaaring magbigay ng sapat na tauhan, makipag-ugnay sa lokal na Opisina ng Rehiyon upang pag-usapan ang pansamantalang relokasyon ng mga tao na nasa pangangalaga na nasuring positibo ng COVID-19 sa isang nakontratang pasilidad ng CDSS .

Rekomendadong mga Hakbang sa Pagsugpo/ Mga estratehiya sa Muling Pagbukas

Ang isang pasilidad ay maaaring maging hindi estrikto kaugnay sa pagbisita, pagsama sa kainan, at mga aktibidad na naitukoy sa ibaba.

Sa lahat ng mga pangyayari, kailangan kasama ang pagiging hindi estrikto ang:

- Pag-screen araw-araw sa sintomas at pagtsek ng temperatura ng mga residente at tauhan;
- Pagsunod sa mga gabay ng pisikal na pagdistansiya (i.e. espasyo upang manatili ang mga indibidwal ng 6 na talampakan sa iba);
- Pangkalahatang kontrol sa pinagkukunan;
- Paggamit ng pantakip sa mukha (Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang “Pangangailangan sa Paggamit ng Pantakip sa mukha” sa ibaba); at

- Pinabuting paglilinis at mga protocol sa pagdisinpekta.

Mga Estratehiya sa Pagpasok at Labas sa Pasilidad

Ang sumusunod na mga estratehiya ay tumutulong sa pagbawas sa pagkalt ng COVID-19 kapag ang mga indibidal ay pumapasok at lumalabas ng pasilidad.

- Magtalaga ng isang lugar sa pagpasok sa pasilidad at ibang mga lugar upang lumabas sa pasilidad.
- Pangangailangan sa paggamit ng pantakip sa mukha (Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang "Pangangailangan sa Paggamit ng Pantakip sa mukha" sa ibaba).
- Magdagdag ng sinyales sa mga pasukan ng tamang paggamit ng pantakip sa mukha at kasalukuyang pagsasanay ng pisikal na pagdistansiya na ginagamit sa buong pasilidad.
- Magtalaga ng (mga) tao upang magsagawa ng inisyal na screening para sa pagpasok sa pasilidad.
- Kunin ang temperatura ng mga indibidwal na pumapasok sa pasilidad gamit ang no-touch na thermometer. Ang temperatura na 100.4 o pataas ay nagsasabi ng lagnat.
- Tanungin ang mga indibidwal na pumapasok sa pasilidad tungkol sa sintomas ng COVID-19 sa loob ng huling 24 na oras at kapag sinuman sa mga indibidwal ay may sintomas ng COVID-19 o nasuring positibo.
- Hilingin ang mga tauhan na istek ang kanilang temperatura sa tahanan bago umalis para sa trabaho. Payuhin sila na maglagay ng pantakip sa mukha, maliban kung sila ay may sintomas , bago umalis sa kanilang tahanan.
- Huwag isama ng mga bisita o tauhan na nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 at disinpektahan ang anumang ibabaw ng gamit sa loob ng 6 na talampkan ng mga simtomatikong mga indibidwal. Ang mga bagay na hindi madisinpektahan ay dapat manatili sa indibidwal o itapon.
- Gawin at udyukin ang paggamit ng estasyon ng paghugas ng kamay o hand sanitizer sa pagpasok at habang nasa pasilidad.
- Itala ang pangalan at kontak impormasyon para sa mga indibidwal sa pagpasok sa pasilidad para sa posibleng pagmatyag sa hinaharap.

Ang mga tauhan na nagsasagawa ng screening ay dapat magsuot ng PPE, dagdag sa pantakip sa mukha, maliban kung hiwalay mula sa mga indibidwal na iniiscreen ng isang pisikal na humahadlang o partisyon. Ang tauhan na nagsasagwa ng screening na kailangan magsagawa ng interaksyon ay dapat maiksi kung maaari sa pamamagitan ng paglimita ng interaksyon sa mga katanungn sa pagscreen lamang.

Pagbista

Alinsunod sa kasalukuyang gabay sa kalusugan, ang pagbisita ng isang hindi-mahalagang mga indibidwal ay dapat limilitahin hanggat lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay nakamit:

- Walang bagong transmisyon ng COVID-19 sa pasilidad ng 14 na araw.
- Ang pasilidad ay hindi nakakaranas ng kawalan ng tauhan.
- Ang tagahawk ng lisensiya ay may sapat na suplay ng PPE at mahalagang suplay ng panlins sa pangangalaga para sa mga taong inaaruga.
- Ang mga tagahawk ng lisensiya ay may sapat na access sa pagsusuri sa COVID-19

na nailarawan sa “Pagsusuri ng COVID-19 sa mga Resideniyal na Pasilidad” na seksyon sa itaas.
- Hilingin ang mga bisita na magsuot ng pantakip sa mukha (i.e. pantakip sa mukha o telang pantakip sa mukha).

Tandaan: Kung lahat ng mga kondisyon sa itaas ay nakamit, ang pangloob na pagbisita sa pasilidad ay pinapayagan. Tignan ang **“Ibang mga Protocol sa kaligtasan”** sa ibaba para sa pinakamabuting pagsasanay.

Sa panahon na kung ang pagbisita ay limitado na nailarawan sa itaas, ang mga sumusunod na hindi kabilang ay nalalapat:

- Payagan ang limitadong pagbisita sa mga looban ng pasilidad kung saan may 6 na talampakan o higit pa o pisikal na pagdistansiya, kontrol sa pinagkukunan, at kontrol sa impeksyon (e.g. drive-by na pagbisita o pagbisita sa pamamagitan ng bintana ng residenta).
- Payagan ang pagbisita sa medikal na pangangailangan na pagbisita (e.g. hangganan ng buhay) o ibang agarang kalusugan at legal na bagay na hindi maaaring maantala (e.g. estate planning, maagang mga direktiba sa pangangala sa kalusugan, Power of Attorney, paglipat ng titulo ng ari-arian).
- Payagan ang pagbisita para sa manggagawang panlipunan na legal na responsable para sa pangangalaga sa tao upang maisagawa ang kanilang mga tungkulin.
- Kung kinakailangan ang Visitation Waiver sa PIN 20-09-CCLD.
- Payagan ang CDSS, CDPH, lokal na opsiyal ng departamento ng kalusugan, tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan, Ombudsman, at mahalagang awtoridad ng gobyerno upang pumasok o magsagawa ng imbestigasyon sa pasilidad.

Ibang mag Protocol sa kaligtasan

- Payagan ang naka-iskedyul na pagbisita sa pasilidad sa looban ng pasilidad na may 6 na talampakan o higit pa ng pisikal na pagdistansiya, at parehong mga residenta at mga bisita sa paggamit ng pantakip sa mukha sa pagsubaybay ng tauhan sa mga gabay sa pagkontrol sa impeksyon (e.g. malaking espasyo ng pagsasalo-salo, panlabas na pagbisita, espasyo na malapit sa pasilidad upang mabawasan ang trapik sa pasilidad).
- Hanggat maaari, ang pagbisita ay magaganp sa labas, Kung saan nararapat, magtalaga ng lugar sa labas, tulad ng bakuran, patio, bukas na balkon, paradahan, o labasan ng sasakyan sa pagbisita, kapag pinapayagn ng panahon.
- Ang mga pagbisita ay dapat naka-iskedyul nang maaga.
- Limitahin ang numero ng mga bisita sa anumang oras upang maiwasan ang malalaking grupo na magtipon-tipon.
- I-screen lahat ng mga bisita para sa sintomas, kasama ang pagscreen sa temeperatura.
- Ang mga bisita ay dapat magdistansiya nang psikal sa kanilang pagbisita.

Sama-sama sa Kainan

Ang sama-sama sa kainan ay dapat baguhin upang maiwasan ang trasnmisyon ng COVID-19 sa pasilidad na naitukoy sa baba.

Ang sama-sama sa kainan ay dapat muling ipaalam sa limitadong paraan sa mga tao na nasa pangangalaga:

- Maaaring manatili ng 6 na talampakan ang pagitan;
- Maaaring kumain ng alap upang maiwasan ng numero ng tao na kumakain nang sabay-sabay; at

- Magsuot ng pantakip sa mukha bago at pagkatapos kumain.

Sinumang tao na nasa pangangalaga na nasuring positibo sa COVID-19 ay dapat huwag makilahok sa sama-samang kainan hangang sila ay may negatibong resulta sa pagsusuri.

Kasama ng mgaa hakbang upang makatulong sa pag-iwas sa tranmisyon ng sakit sa kainan:

- Linisan ang mga ibabaw ng bagay ng sabon at tubig at disinpektahan ng pangdisinpekta sa sambahayan bago magbigay ng pagkain alinsunod sa habilin sa tatak.
- Siguraduhin na ang mga residente ay naghugas ng kamay bago pumasok sa lugar ng kainan o magbigay ng access sa hand sanitizer na base-sa-alkohol na may 60-95% na alkohol.
- Magkaroon ng tauhan na naghahanda ng pagkain sa mga taong nasa pangangalaga.
- Gumamit ng mga itinatapong mga plato, napkins, at/o kubyertos. Iwasan ang paggamit ng mga tapete.
- Gamitin ang espasyo sa labas, kapag pinapayagn ng panahon, para sa kainan.
- Kapag ang in-person dining ay hindi maari, maaaring magsagawa ang pasilidad ng grab-and-go na serbisyo sa pagkain upang payagan ang tao na nasa pangangalaga na kumain sa kanilang pagkain sa kanilang silid.

Karagdagang hindi pag-estrikto ay maaring irekomenda kung ang transmisyon sa komunidad ng COVID-19 ay nabawasan mula sa kalukuyang antas.

Mga aktibidad

Ang mga aktibidad ay mahalaga na bagahi ng pagpapanatili ng pisikal at mental na kalusugan ng isang tao. Sa panahon ngayon kung saan ang pagbisita ay maaring limitado o ipinagbabawal. Ang mga tagapagkaloob ay may mataas na obligasyon na makilahok ang mga residente sa ligtas na paraan. Ito ay maaari sa isang binago na mga aktibidad o ibang mga pakikilahok.

Ang mga aktibidad ay dapat inuudyok ngunit binago upang maiwasan ang transmisyon ng COVID-19 sa pasilidad na naitukoy sa ibaba.

Mga Halimbawa ng mga Binagong mga Aktibidad

- Payagan ang mga tao na nasa pangangalaga na makisalamuha sa mga karaniwang mga lugar kapag may pagdistansiya sa lipunan at kontrol sa pinanggalingan ay naabot.
- Padaliin ang mga aktibidad ng grupo, na maaring kasama ang book clubs, sining, pelikula at binggo at ibang mga aktibidad, kasama ng 6 feet na talampakan na pisikal na pagdistansiya at ibang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.
- Udyukin ang paggamit ng teknohiya na makipag video chat sa mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o ibang mga taong nasa pangangalaga.
- Ideliver ang mga naitatapong mga de papel na laruan, tulad ng crossword puzzles o word searches, o suplay ng sining sa mga taong nasa pangangalaga.
- Magkaroon ng tauhan na bumista sa mga tao na nasa pangangalaga sa hallway na may kasamang ice cream sundae o happy hour na kart.
- Magset up ng espasyo sa labas para sa mga laruan ng pagdistansiya sa lipunan, mga sinig, o panggrupong ehersisyo.
- Magset up ng mga laruan na maaring laruin sa pamamagitan ng telepono o PA system, o mula sa hallways, tulad ng binggo at singalongs.

- Magset up ng video streaming mula sa in-house na estasyon ng TV para sa mga tao na nasa pangangalaga upang malibang ang mga araw-araw na klase ng ehersisyo, concerts, sinehan, panayam, at relihiyosong mga seremonya.
- Magsimula ng isang programang pen pal para sa mga taong nasa pangangalaga.

Iskedyul

- Magiskedyul ng mga aktibidad na may sapat na oras sa pagitan ng mga aktibidad upang payagan ang paglilinis at pagdisinpekta ng mga kagamitan, upuan, o ibang mga bagay na ginamit sa aktibidad.
- Magiskedyul ng mga aktibidad na paunti-unti upang limitahin ang mga tao na nasa pangangalaga na makilahok sa anumang oras.

Pagpasok at Paglabas

- Ayusin ang pagpasok at paglabas ng aktibidad ng grupo o karaniwang lugar upang ang mga tao na nasa pangangalaga ay hindi makalapit sa 6 na talampakan sa bawat isa. Ito ay maaaring makamit sa mga sumusunod na mga paraan:
    - Magtalaga ng isang lugar sa pagpasok at ibang lugar sa paglabas (i.e. pumasok sa isang pintuan at lumabas sa iba).
    - Orasan ang aktibidad upang lahat ng mga nakikilahok ay maaaring lumabas sa aktibidad bago dumating ang susunod na grupo ng kalahok.
    - Magdagdag ng marka sa sahig upang maitukoy ang 6 na talampakan na separasyon.
    - Magdagdag ng plaka at o lalagyanan ng mga muwebles na nagsasabi ng 6 na talampakan ang distansiya mula sa nakikilahok a pagpasok at paglabas.

Ibang mga Protocol ng Kaligtasan

- Panatilihin ang 6 na talampakan na pisikal na pagdistansiya sa pagitan ng mga nakikilahok at siguraduhin na walang lalampas sa 10 mga indibidwal ang nasa silid para sa aktibidad.
- Tukuyin ang pinakamalaking sukat ng grupo, siguraduhin na alinsunod sa iyong lokal na gabay ng departamento ng kalusugan sa gabay sa piskal na pagdistansiya.
- Paikliin ang oras ng aktibidad upang maiwasan ang panganib ng pagkalantad.
- Iskedyul ang mga uri ng mga aktibidad na pinapayagan sa tauhan at mga taong nasa pangangalaga na magsuot ng pantakip sa mukha sa oras ng aktibidad at kapag umaalis o pumupunta sa kanilang aktibidad at sa kanilang silid.
- Bumuo ng sign-up sheet para sa bawat aktibidad sa pagkontrol sa numero ng nakikilahok. Ang mga sign-ups ay dapat hawakan ng mga tauhan upang maiwasan ang cross na kontaminasyon ng maramihang mga nakikilahok sa pamamagitan ng paghawak sa parehong papel/pansulat/ screen.
- Isaalang-alang ang paggamit ng suplay sa aktibad na maaring malinisan sa bawat paggamit o mga bagay na naitatapon.
- Abisuhan ang lahat ng mga nakikilahok ng mga alituntunin ng mga aktibad at karaniwang espasyo sa paggamit upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.
- Tanggalin ang mga muwebles, maliban kung sapat sa pinakamaksimong numero ng mga tao na nasa pangangalaga ang pinayagn sa isang lugar sa anumang oras.

Pag-iwas sa Impeksyon at Paalala sa Pagkontrol at Karadagang Mapagkukunan

Ang CDSS ay naglabas ng gabay sa pag-iwas sa impeksyon at pagkontrol sa isang presentasyon sa PowerPoint na pinamagatang "Paghanda sa COVID-19 sa mga Residensiyal na Pasilidad," na maaaring makita sa Community Care Licensing Division (CCLD) landing na pahina para sa COVID-19 sa ilalim ng "Karagdagang mga Pinagkukunan" na tab. Kasama ng presentasyon ang impormasyon sa mga sumusunod na paksa:

- Quarantine, Isolaston, at Pagtitipon
- Paggamit ng PPE

Ang PIN 20-20-ASC ay nagbibigay sa mga tagahawak ng lisensiya ng gabay kung paano mangolekta, tamang pagpakete, at pagpapadala ng nagamit na N95 na respirador sa Battelle para sa dekontaminasyon sa pamamagitan ng Battelle Critical Care Decontamination System (CCDS)™.

Ang mga tagahawak ng lisensiya na naghahanap ng PPE para sa mga tao na nasa pangangalaga at mga tauhan ay maaaring makipag-ugnay sa lokal sa Opisina ng Rehiyon para sa tulong. Ang Medical Health Operational Area Coordinator (MHOAC), sa ilalim ng Emergency Medical Services Authority (EMSA), ay isang alternatibong lugar para sa mga tagahawak ng lisensiya upang humiling ng mapagkukunan. Kung nakikipag-ugnay sa MHOAC, rinerekomnda ang e-mail upang maitala ang kahilingan kung ang mga linya ng telepono ay hindi magamit.

Mga Estrahiya sa Pangangalaga sa mga Tao na may Dimensiya, mga Indibidwal na may Kapansanan sa Pag-iisip, o Sakit sa Pag-iisip

Kapag nagtratrabaho sa tao na nasa pangangalaga na nagpapakita ng mga pag-uugali na mapanghamon sa pagsunod sa mga gabay, ang mga tagahawak ng lisensiya ay hinihikayat na:

- Paggamit ng kalmadong at matatag na tono ng boses upang maturuan ng mga tao na nasa pangangalaga ang halaga ng pagsunod sa mga protocol, tulad ng kalinisan sa kamay at piskal na pagdistansiya upang makatulong sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19;
- Muling turuan ang tao na nasa pangangalaga kung maaari; at
- Makipag-ugnay sa departamento ng kalusugan sa pag-uugali ng county o placing agency tulad ng sentro ng lokal ng rehiyon, para sa tulong sa pagpuna ng mga kaugalina na ito.

Ang mga sumusunod na pinagkukunan ay nagbibigay ng nakakatulong na impormasyon at pinakamabuting pagsasanay sa pagbigay ng pangangalaga sa mga tao na may dimenisya:

- Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California
    - Pinakamabuting Pagsasanay sa Pag-aaruga sa mga Indibidwal na ma Dimensiya sa Panahon ng Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19)

- Asosasyon ng Alzheimer's
    - Coronavirus (COVID-19): Mga Tips para sa Tagapagkaloob ng Pangangalaga sa may Dimensiya sa isang Pangmatagalan o lugar na Base-sa Komunidad
    - Paghanda sa Emerhensiya: Pag-alaga sa mga tao na naninirahan sa isang pangmatagal o lugar na base sa komunidad na may dimndiya

Ang mga tagapagkaloob ay inuudyok din na bumisita sa mga sumusunod na website para sa karagdagang impormasyon sa pag-alaga sa mga tao na may mental o pag-unlad na pag-uugali:

- Departamento ng Serbisyong Kaunlaran ng California
  - Impormasyon at Pinagkukunan ng Coronavirus

Kinakailangan na Paggamit ng Pantakip sa Mukha

Alinsunod sa Gabay sa Paggamit ng Pantakip sa Mukha na inisyu ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California, ang mga indibidwall na nasa pasilidad ng ASC at **mandatoryong magsuot ng pantakip ng mukha**. Ang pangangailangan ay nalalapat sa lahat ng tauhan ng pasilidad. Dapat ipaala ang mga tao na nasa pangangalaga ang pangangailangan na sumunod sa pantakip sa mukha palagi kapag umaalis sa kanilang pasilidad, at kung maaari, kapag nasa pasilidad (e.g. nasa malaking pasilidad kapag ang residente ay umaalis sa kanilang silid at karaniwang lugar; nasa karaniwang lugar kung saan 6 na talampakin na pisikal na pagdistansiya kung maaari, atbp.) ang mandatoryang paggamit ng pantakip sa mukha ay dagdag sa kasalukuyang gabay kaugnay sa tamang pisikal na pagdistansia at paghugas ng kamay.

Ang mga indibidwal na hindi kabilang sa pagsuot sa pantakip ng mukha dahil sa medikal na kondisyon na may trabaho kasama ang regular na pakikisalamuha sa iba ay dapat magsuot ng hindi-restriktadong alternatibo, tulad ng face shield na may drape sa ilalim na giliran, hanggat pinapayagan ng kanilang kondisyon. **Ito ay nalalapt sa mga tauhan ng pasilida ng ASC.**

Hindi Kabilang- pantakip sa Mukha

May mga naitukoy na hindi kabilang sa mandatoryong paggamit ng pantakip sa mukha. Ang hindi pagsama ay nalalapat sa mga tao na nasa pangangalaga , ngunit hindi limitado sa :

- Ang mga tao na may medikal na kondisyon, mental na kondisyon sa kalusugan, o kapansanan na humahadlang sa pagsuot ng pantakip sa mukha. Kasama dito ng mga tao na may medikal na kondisyon kung saan ang pagsuot ng pantakip sa mukha ay maaaring humadlang sa paghinga o nawalan ng malay, walang kapasidad, o hindi makatanggal ng pantakip sa mukha nang walang tulong.
- Ang mga tao na may kahirapn sa pagdinig, o pakikipag-ugnay sa isang tao na may kapansanan sa pagdinig, kung saan ang abilidad na makita ang bibig ay mahalaga para sa komunikasyon;
- Ang mga tao na kumukuha ng serbisyo kasama ang ilong ng mukha kung saan ang pansamantalang pagtangal ng pantakip sa mukha ay kinakailangan;
- Ang mga tao na kumakain sa isang kainan o ibang establisimyento na naghahandog ng pagkain at inumin na serbisyo, upang tanggalin ang pantakip sa mukha habang kumakain at panatilihin ang tamang pagdistansiya sa lipunan;
- Ang mga tao na nakikilahok sa mga trabaho sa labas o panlibangn, at maaaring manatili ng anim na talampakan ang pagitan mula sa iba.

Karagdagang mga Pinagkukunan

Ang mga sumusunod na mga pinagkukunan ay makikita online:

Pederal na Pinagkukunan

- Centers for Disease Control and Prevention (CDC)
  - Sakit na Coronavirus 2019
  - Mga Konsiderasyon sa Pag-iwas sa Pagkalat ng COVID-19 sa mga Assisted Living Facilities
  - Susi ng Estratehiya sa Paghanda para sa COVID-19 sa mga Pangmatagalang Pangangalaga na Pasilidad
- World Health Organization (WHO)
  - Sakit na Coronavirus (COVID-19) pandemiko

Pinagkukunan sa Estado

- California Department of Social Services (CDSS)
  - Homepage ng Dibisyon ng Paglisensiya sa Pangangalaga sa Komunidad (kasama ang lahat ng materyales kaugnay sa COVID-19 (Provider Information Notices (PINs) at ibang pinagkukunan)
- California Department of Public Health (CDPH)
  - Lahat ng Gabay ng COVID-19
  - Deteksyon at Pamamahala ng COVID-19 na mga Kaso sa mga Congregate Living na Pasilidad

Lokal na Pinagkukunan ng Kalusugan

- Lokal na Departamento ng Kalusugan ng County
- Listahan ng Kontak ng Medical Health Operational Area Coordinator (MHOAC)

Kung ikaw ay may anumang mga katanungan, makipag-ugnay sa iyong lokal na Opisina ng Pangangalaga sa Adulto at Nakatatanda sa Rehiyon.